AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
### Lesson 26

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Social Distancing".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Lesson 26**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang mapagpalang araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓💫

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Anton ng Rizal.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, bakit po kailangan naming lumayo sa mga tao? Kapag po ba tumabi ako sa isang tao mahahawa na po agad ako?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, Anton!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Kaya natin sinasagawa ang "Social Distancing" o pagdistansya ng isang metro o tatlong dipang layo mula sa ibang tao 🚶‍♀➖🚶‍♂ ay upang bawasan natin ang

malapit na pakikipag-ugnayan sa ibang tao at maiwasan ang pagkalat ng virus. 👩↔️❌🗣️🦠

(Makakatulong din ito sa mga kasama nating Lolo 👴, Lola 👵, o kapamilyang 👨👩👧👦 may mahinang resistensya kasi hindi sila mahahawahan ng sakit ng mga taong positibo sa COVID-19. ❌🤒🦠)

Pero hindi naman ibig sabihin na kapag tumabi tayo sa isang tao ay mahahawahan agad tayo ng COVID-19 ❌🚶‍♂️🦠🚶‍♀️. Ating tandaan na ang pinagmumulan ng COVID-19 🦠 ay yung mga tumalsik na plema 🗣️ o sipon 😪 na nalanghap o napahid natin sa ating katawan. 🦠

Kaya naman kung tayo o ang ibang tao ay sisinga 😭 o uubo 🗣️, ugaliin nating takpan ang ating ilong o bibig 🤭 gamit ang tisyu 🧻, panyo o loob ng siko 💪. Mainam din kung lalayo tayo sa kanila upang maiwasan ang pagkalat ng virus. 🗣️➖👩↔️❌🦠

**IV.✊ HAMON**

Alam din ni Teach na mahirap na hindi yumakap, bumeso, o lumayo sa ibang tao, at sa ating mga magulang. Kaya naman may naisip si Teach na pwedeng gawin. 🤗

(1) Kumaway 👋 o yumuko 🙇‍♂️🙇‍♀️ na lang tayo kapag babati tayo sa iba. (Iwasan muna natin ang physical contact sa kanila. 🙅‍♀️🤝)

(2) Manatili tayo sa loob ng ating bahay. 🏠 (Sulitin ang pagkakataon na ito upang makihalubilo sa ating mga kapamilya. 👨👩👧👦)

(3) Kung aalis 🚶🚶‍♀️, huwag kalimutang linisin ang katawan 🛀 at mga bagay na ginamit 💧🧽🧼, o di kaya'y maghugas 💧🧼👐 o maglagay ng alkohol na may 70% solution sa kamay. 👐➕

(4) At, mag-text 📱 o chat 💻 na lang tayo sa ating mga na-miss na kaibigan. ('pag ayos na ang lahat, magkikita at magagawa niyong muli ang dati niyong ginagawa. Sa ngayon ating iparamdam ang pagmamahal at pag-alala natin sa kanila. 🥰)

Sa panahon ngayon, mabuting pahalagahan natin ang kapakanan ng bawat isa. Alagaan at panatilihin nating malinis ang ating katawan 💧🧼👐, at dumistansya muna tayo upang makatulong sa pagpapatigil ng pagkalat nito. 🚶‍♀️➖🚶‍♂️❌🦠

Huwag mag-alala sama-sama nating lalabanan at masosolusyunan ang pandemic na ito. 👊🦠

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Ano ang termino na tumutukoy sa pagdistansya ng isang metro o tatlong dipang layo mula sa ibang tao upang maiwasan ang pagkalat ng virus?
🔎 Tama o Mali. Kapag tumabi tayo sa isang tao ay mahawahan tayo ng COVID-19.
🔎 Tama o Mali. Ang pinagmumulan ng COVID-19 ay ang mga tumalsik na plema o sipon na nalanghap o napahid natin sa ating katawan.
🔎 Anu-ano ang mga kailangang gawin kapag uubo o sisinga?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻‍🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻👦🏻❓

Maraming salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."